Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Region IV- MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
5312 Taytay, Palawan
by the National Highway, Poblacion, Taytay, Palawan
email ad: cenrotaytaypal@yahoo.com.ph
Contact Nos.: 0912-171-3889 (Talk and Text) 0926-505-9335 (TM)

Paksa: **ACK202110908-03**

Ika-9 ng Nobyembre, 2021

DENR CENRO
TAYTAY, PALAWAN
RELEASED
BY:
DATE: NOV 12 2021 CN 3536

**G SOLOMON RUMERO**
Sa pamamagitan ng solomonrumero@yahoo.com

Ginoo,

Pagbati po!

Natanggap po namin ngayon ang inyong muling elektronikong liham mula sa PENRO tungkol sa inyong nauna ng reklamo laban sa RHDD Lumbr Trading sa Villa Libertad, El Nido, Palawan. Nakapagsumite na po ng ulat ng pagsusuri ang dalawa naming Tutok Empleyado tungkol sa mga sangkot na isyu sa 8888. Ang tinurang ulat ay aming na rin isinumite ngayon sa PENRO at sa DENR Action Centers ng 8888 pangrehiyon hanggang pang nasyonal na antas.

Batay sa aming talaan, may nahuli po kami noong ika-18 ng Setyembre, 2021 na mga kahoy, kasama ang sasakyan mula sa RHDD Lumber Trading at ang mga ito ay nakatambak ngayon sa aming Forest Product Monitoring Stations sa Pasadeña, El Nido, Palawan. Ang mga ito ay isasailalim sa pagdinig. Ipasisiyasat din namin ang inyong alegasyon na si G. Desquitado ay tila may pakikpagsabwatan sa sino man sa aming hanay.

Ngayong araw ay natanggap din namin mula sa Tanggapan ng Pangrehiyong Patnugot Tagapagpaganap ng MIMAROPA nito ahensya (Regional Executive Director) and sipi ng Certificate of Registration ng RHDD Lumber Trading ni Ginoong Desquitado. Titiyakin po namin na ang kanyang operasyon ay nasa aming pagbabantay.

Nabigyan nawa po namin kayo ng linaw tungkol dito. Magsusulat po kami muli kung kinakailangan.

Maraming salamat po sa inyong kontirbusyon may kaugnayan sa aming tungkulin.

Lubos na sumasainyo,

**ALAN L. VALLE**
Community Environment and Natural Resources Officer

Copy furnished:
denr@8888.gov.ph
denr8888mimaropa@yahoo.com
denr8888palawan@yahoo.com
mimaroparegion@denr.gov.ph
aksyonkalikasan@denr.gov.ph